7

# Lingguhang Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 4

Aralin 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 7**
**Kwarter 4: (Aralin 2) Linggo 3**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Mga Manunulat:**

- Portia R. Soriano (PNU Manila)
- Jinky R. Victorio (SDO Malabon, Malabon National High School)

**Tagasuri:**

- Portia R. Soriano (Pamantasang Normal ng Pilipinas, Maynila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**Araling Panlipunan, Ikaapat na Kwarter, Antas 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa papel ng ASEAN sa pagtugon sa mga hamon at pagkakamit ng likas-kayang pag-unlad ng mga bansa sa Timog Silangang Asya |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng adbokasiya na nagsusulong sa pagpapahalaga sa papel ng ASEAN tungo sa pagkakaisa at pagharap sa hamon ng likas-kayang pag-unlad at karapatang pantao sa Timog Silangang Asya |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Kasanayan:**<br>Naiuugnay ang papel ng Pilipinas bilang aktibong kasapi ng ASEAN<br><br>**Layuning Pampagkatuto:**<br>1. Nailalahad ang mga dahilan ng pagsapi ng Pilipinas sa ASEAN<br>2. Naiisa- isa ang papel na ginagampanan ng Pilipinas bilang kasapi ng ASEAN<br>3. Nasusuri ang ilan sa mga kasunduan at patakarang pang-ekonomiya ng ASEAN at ang epekto nito sa Pilipinas. |
| **D. Nilalaman** | **Ang Pilipinas sa ASEAN**<br>1. Pagsapi ng Pilipinas sa ASEAN<br>2. Papel ng Pilipinas sa ASEAN<br>3. ASEAN bilang isa sa mga batayan ng patakarang panlabas at pangkalakalan ng Pilipinas |
| **E. Integrasyon** | Ugnayang Panrehiyon at Pandaigdig (Regional and International Relations) |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Association of Southeast Asian Nations. (2012, May 14). The Declaration of ASEAN Concord, Bali, Indonesia, 24 February 1976 https://asean.org/the-declaration-of-asean-concord-bali-indonesia-24-february-1976/

Association of Southeast Asian Nations. The ASEAN Journey.https://asean.org/what-we-do/

Highlights of the Philippine Export and Import Statistics January 2024 (Preliminary).(2024). Philippine Statistics Authority. https://www.psa.gov.ph/statistics/export-import/monthly Accessed April 2, 2024.

Ilang miyembro ng ASEAN, suportado and Pilipinas sa isyu ng West Philippine Sea.(2023). GMA Integrated News. https://www.youtube.com/watch?v=yeGV8H4_eCA Accessed March 31, 2024.

RCEP is transforming trade in Asia- Pacific and creating advantages for companies. (2022). Thomas Reuters Institute. Insights, Thought, Leadership and Engagement. https://www.thomsonreuters.com/en-us/posts/interna tional-trade-and-supply-chain/rcep-asia-pacific-advantages/

Third Republic. Official Gazette, Philippine Government. https://www.officialgazette.gov.ph/featured/third-republic/ Accessed April 2, 2024.


## III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO

**MGA TALA SA GURO**

**A. Pagkuha ng Dating Kaalaman**

**Unang Araw**

**1.Maikling Balik-aral**

**Gawain 1: Alin, Alin ang Naiba**

Panuto: Piliin ang naiba sa hanay ng mga salita sa bawat bilang.

| Blg. | Pangkat ng mga Salita | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1 | Pamayanang Pangkaligtasan | Pamayanang Pang-ekonomiya | Pamayanang Pampolitika | Pamayanang Pangbalana |
| 2 | Indonesia | Myanmar | India | Singapore |

*Mga Tala sa Guro:*

Ang mga sagot sa Alin- Alin Ang Naiba:
Ito lamang ang hindi kabilang sa mga Pamayanang bumubuo sa ASEAN
1.Pamayanang Pambalana
Ang India lamang ang bansang hindi kasapi sa ASEAN
2. India
Ang sumusunod ay mga programang nagbigay ng tagumpay

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 3 | APEC | ASEAN Concord | ZOPFAN | SEANWFZ |
| 4 | Pilipinas | Vietnam | Thailand | Malaysia |
| 5 | neutrality | non-interference | regional economic cooperation | peace and security |

**2. Pidbak (Opsiyonal)**

Ang gawaing NEWSPAPER ay kasunduang iniwan ng guro sa mag- aaral sa natapos na Aralin 1 at 2. Maaaring tumawag ang guro ng 1-3 mag- aaral na magpapakita at magpapaliwanag ng kanilang ginawang NEWSPAPER.

**Gawain: NEWSPAPER**
**(North- East- West- South- Past- And- Present- Events- Report)**

Panuto: Kumuha ng isang balita na may kaugnayan sa ASEAN. Gamit ang akronim ng NEWSPAPER, isulat ang nilalaman ng balita. Tukuyin ang lugar kung saan ito naganap (NEWS) at ang kabuuan ng report. Iugnay ito sa nakaraang pangyayari sa ASEAN at kung ano ang kaganapan sa kasalukuyan (PAPER)

Nota:

Maglalahad ang guro ng Rubrik bilang pamantayan sa Pagmamarka ng Gawain.

**Rubrik sa Pagmamarka ng NEWSPAPER**

| Pamantayan | Deskripsyon | Puntos | Nakuhang Puntos |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Ang balitang nakalap ay tungkol sa ASEANo sa ibang bansang kasapi ng ASEAN. | | |
| Kaangkupan ng Balita | Angkop ang balitang nakalap, nakasunod sa format na N-E-W-S-P-A-P-E-R | | |

sa ASEAN (Week 2) maliban sa APEC
3. APEC
Lahat ng nabanggit ay hangarin ng ASEAN na naipaabot sa mga bansang kasapi, maliban sa Impluwensya
4. Vietnam
Hindi ito kasama sa mga bansang unang nagtatag ng ASEAN
5. Regional Economic Cooperation
Lahat ay may kinalaman sa political security

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>Presentasyon</td><td>Nakalagay sa typewriting paper. Kayang hawakan habang nagshoshow-and-tell. Naipahayag nang nalinaw ang balita.</td><td></td><td></td></tr>
</table>
Tanong:
Bakit mahalagang alam natin ang mga nangyayari sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya at mga bansang kasapi ng ASEAN?
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin (2-3 minuto)<br>Sa ating pagtalakay sa araling ito, inaasahan na ang mag- aaral ay maiuugnay ang papel ng Pilipinas bilang aktibong kasapi ng ASEAN. Gayundin, mailalahad ang mga dahilan ng pagsapi ng Pilipinas sa ASEAN. Maiisa- isa sa pagtalakay ang papel na ginagampanan ng Pilipinas bilang kasapi ng ASEAN at mapahahalagahan ang ASEAN bilang batayan ng patakarang panlabas at pangkalakalan ng Pilipinas.
Gawain 2: Larawan-Suri<br>Panuto: Ipakikita sa mga bata ang larawan ng pagkakatatag ng ASEAN kung saan ang Pilipinas ay kasama sa unang limang bansang nagkasundong buuin ang ASEAN.
</td>
<td>
Para sa paunang pagtatalakay ng paksa, sa pamamagitan ng larawan ay maaring balikan ang mga pangyayaring nagbunsod sa pagkakatatag ng ASEAN.
Matatandaang naging miyembro ang Pilipinas ng Southeast Asia Treaty Organization (SEATO), isang samahang ang layunin ay bantayan at labanan ang mga pwersa ng komunismo sa rehiyon. Binubuo ito ng mga bansang United States, France, Britain, New Zealand, Australia, Philippines, Thailand, at Pakistan. Ang pagsali ng Pilipinas sa SEATO ay masasabing dahil sa ugnayan natin sa Amerika. Maaring isang paraan din ito ng Amerika upang mapanatili ang kanyang
</td>
</tr>
</table>



Pinagkunan ng larawan: https://asean.org/product/signing-of-the-asean-declaration-bangkok-decalration-bangkok-thailand-8-august-1967-2/ ang main portal ng ASEAN

**Mga Pamprosesong Tanong:**

- Tungkol saan kaya ang larawan?
- Ano-anong mga bansa ang kinakatawan ng mga pumipirma sa dokumento?
- Ano kaya ang naging papel ng Pilipinas sa pagkakatatag ng ASEAN?

**Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**Gawain 3 : KahonLugan**

Panuto: Piliin ang terminolohiya na tinutukoy sa pahayag. Isulat ang titik ng iyong sagot mula sa mga pagpipilian na nasa kahon sa patlang na nasa bawat bilang.

| |
|---|
| Ugnayang Panlabas |
| Pagluluwas/Exportation |
| diplomatiko     Taripa |
| Pag-aangkat/ Importasyon |
| Pangkat ng Ikatlong Daigdig |

__________ 1. Ito ay tumutukoy sa pagpasok ng produkto at serbisyo ng isang bansa patungo sa isang bansa.

__________ 2. Ang salitang ito ay nangangahulugang paglalabas ng produkto ng

pangkabuhayan at pulitikal na interes sa Pilipinas.

Hayaan lamang ang mga bat ana magbigay ng kanilang hinuha tungkol sa naging papel ng Pilipinas sa pagkakatatag ng ASEAN. Sabihin na iyon ang kanilang tutuklasin.

Ipaalam din sa mga bata na ang larawang ito ay obra o likha ng isang Pilipinong pintor na taga-Angono, si G. Peter Paul Blanco. Nilikha niya ito bilang pag-alala sa sa ika-50 taong anibersaryo ng pagtatag ng ASEAN noong 2017, kung saan ang Pilipinas ang may hawak ng chairmanship o pagiging tagapangulo ng ASEAN.

Makikita ang likha niyang ito sa ASEAN Gallery sa Jakarta, Indonesia.

Mga Kasagutan :

1. Importation
2. Exportation
3. Taripa
4. Pangkat ng Ikatlong Daigdig
5.Ugnayang Panlabas
6. Diplomatiko

| | | |
|---|---|---|
| | isang bansa papunta sa ibang bansa.<br>__________ 3. Ito ang buwis na ipinapataw sa mga produktong inangkat o galing sa labas ng bansa.<br>__________ 4. Pagpapangkat ng mga bansa sa daigdig batay sa hindi naging kaanib sa kapitalismo at sa NATO na lumitaw sa panahon ng "Cold War."<br>__________ 5. Tumutukoy sa relasyon ng isang bansa at iba pang mga bansa pagdating sa mga usaping pang ekonomiya at pulitikal<br>__________ 6. Isang sitwasyon o ugnayan kung saan ang mga bagay bagay sa pagitan ng mga tao, bansa o organisasyon ay maayos at mapayapang tumatakbo o napag-uusapan. | Dagdag-kaalaman para sa guro: Matatandaang |

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikalawang Araw**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1 at 2: Ang Pilipinas at ang Gampanin nito sa ASEAN**<br><br>**1. Dahon ng Kasaysayan: Ang Pagsapi ng Pilipinas sa ASEAN**<br><br>Tingnan ang mga larawan at mula rito ay alamin ang naging papel ng Pilipinas sa ASEAN.<br><br>Hulyo 4, 1946 Pormal na kinilala ng Estados Unidos ang kalayaan ng Pilipinas bilang isang malayang republika.<br><br>Ano ang implikasyon ng pananatili ng Mga Base Militar ng Amerika sa Pilipinas sa pagkakamit ng kalayaan nito?<br><br><br>kuhang larawan mula sa official gazette.gov.phhttps://www.officialgazette.gov.ph/featured/republic-day/about/<br><br>Noong 1954, sab isa ng The Manila Pact, sumapi ang Pilipinas sa SEATO o Southeast Asian Treaty Organization, isang samahang ang layunin ay bantayan at labanan ang mga pwersa ng komunismo sa rehiyon. Binubuo ito ng mga bansang United States, France, Britain, New Zealand, Australia, Philippines, Thailand, at Pakistan.<br><br>Bakit kaya sumali ang Pilipinas sa SEATO?<br><br><br>Larawan mula sa https://cdn.britannica.com/47/171947-004-84479832/SEATO-nations-leaders-portrait-Manila-Conference-1966.jpg?w=315/Southeast-Asia-Treaty-Organization | Para sa historikal na konteksto, maaring banggitin na karamihan ng mga bansa sa Timog Silangan Asya ay kakakamit lamang ng kalayaan matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang ideolohikal na pagkakahati ng mga bansang nanalo sa pagitan ng Demokrasya at Komunismo ay nagdulot ng mga kaguluhan sa TSA. |

Noong ika-5 ng Agosto, 1963, pinirmahan nina Pangulong Sukarno (Indonesia), Pangulong Diosdado Macapagal (Pilipinas) at Prime Minister Tunku Abdul Raman ang mga kasunduang lilikha ng MAPHILINDO upang mapagtibay ang ugnayan at pagtutulungan sa tatlong basing kasapi nito. Pinangunahan ni Pang. Diosdado Macapagal ang pagtatatag nito. May mga pagkakatulad ang mga bansang Ang Malaysia, Pilipinas at Indonesia sa etnisidad ( predominant na Malay), malapit sa mga karagatan, at mga dating sinakop ng mga bansang kanluranin.

Sa iyong palagay, bakit kaya hindi nagpatuloy ang samahang MAPHILINDO?



Noong Agosto 8, 1967, pinirmahan ng mga Ministrong Panlabas o Foreign Ministers na sina Thanat Khoman (Thailand), Adam Malik (Indonesia), Narciso Ramos (Pilipinas), S. Rajaratnam (Singapore), at Tun Abdul Razak (Malaysia) ang Bangkok Declaration na nagtatatag ng Association of Southeast Asian Nations.

Ano ang dahilan kaya ang 5 ito ang nanguna sa pagtatatag ng ASEAN?




https://www.officialgazette.gov.ph/images/uploads/esident-Sukarno-President-Macapagal-and-Prime-Minister-Tunku-Abdul-Rahman-of-Malaysia-signing-agreements-forming-the-MAPHILINDO.jpg

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

   Sa paglipas ng panahon, nanatiling isang aktibong kasapi ng ASEAN ang Pilipinas. Sa pagsali ng Pilipinas sa ASEAN bilang isa sa mga unang tagapagtatag nito, naipakita ng Pilipinas ang kakayahan nitong maging isang bansang tunay na malaya na isulong ang kanyang kapakanan sa tulong ng iba pang mga bansa sa rehiyon.

**Gawain 4: Sinu- sino silang mga nagpasimula ng ASEAN?**
Panuto: Batay sa mga tinalakay sa unahang bahagi, punan ng mga tala ang impormasyon batay sa pangalan ng mga nagrepresenta sa kanilang mga bansa sa unang pulong ng ASEAN sa itaas na kahon, at ang kanilang bansa sa kahon sa ibaba nito.



2. **Pinatnubayang Pagsasanay**
   Isa sa mga layunin ng ASEAN ang regional economic integration. Ang economic integration ay nangangahulugan ng pagbabawas ng mga trade barriers o hadlang sa kalakalan tulad ng pagpapataw ng taripa o paglilimita ng dami ng maaring maibentang produkto sa isang bansa. Bilang kasapi ng ASEAN, kailangang i-align ng Pilipinas ang mga patakarang pangkalakalan nito sa mga layon ng ASEAN. Sa katunayan, sa pagbuo ng Philippine Development Plan o pambansang komprehensibong plano ng pagpapaunlad sa Pilipinas, laging isinasaalang-alang ang mga tagumpay at programa ng ASEAN.


Iugnay ang mga datos sa natalakay na ASEAN Economic Community sa nagdaang aralin. Dapat maunawaan ng mga bata na may pangangailangang magtakda o bumuo ng mga polisiya o programang magpapaunlad ng ating ekonomiya o magpapataas ng kalidad ng o demand sa mga produktong gawa sa Pilipinas.

**Gawain 5**

Ang dalawang tayahin (*figure*) sa ibaba ay nagpapakita ng halaga ng mga produktong inangkat at iniluwas natin ng Enero 2024. Suriin ang mga datos at sagutin ang sumusunod na mga tanong:


1. Saang bansa pinakamataas ang halaga ng mga inangkat na produkto ng Pilipinas?
2. Alin sa mga bansang nag-angkat tayo ng mga produkto ang kasapi ng ASEAN?
3. Kapag pinagsama-sama ang halaga ng angkat na produkto sa mga bansang kasapi sa ASEAN, ilang porsyento o bahagdan ito ng kabuoang import ng Pilipinas?
4. Saang kasaping bansa ng ASEAN nakapagluwas ng mga produkto ang Pilipinas?
5. Ano ang sinasabi ng mga datos ukol sa estado o lagay ng Pilipinas kaugnay ng halaga ng export at import nito?
6. Sa iyong palagay, paano makatutulong ang ASEAN sa pagpapasigla ng export at import sa pagitan ng mga kasaping bansa nitio?
7. Ano ang maaring kulang sa datos na magalaga upang makapag-isip mng paraan kung paanong mapapataas ang export at mapapababa ang import?

Figure 11. Value of Philippine Imports by Major Partner Country
January 2024p




p - preliminary
Source: Philippine Statistics Authority

Figure 5. Value of Philippine Exports by Major Partner Country
January 2024p




p - preliminary
Source: Philippine Statistics Authority

https://www.psa.gov.ph/statistics/export-import/monthly

Dapat ay makarating ang mga bata sa realisasyon na sa pagsali natin sa mga pandaigdigan o panrehiyong mga kasunduang pang-ekonomiya, kailangang protektahan din ng isang bansa ang kanyan

**Ikatlong na Araw**

3. **Paglalapat at Pag-uugnay**
   **Gawain 6: Pag-isipan Natin**

Sa tulong ng iyong pangkat, suriin ang sitwasyong naitalaga sa inyo at ipakita ang sagot sa kaugnay na tanong sa pamamagitan ng role-play o maikling pagsasadula sa loob ng 1-2 minuto. Para sa gawaing ito, bibigyan ng 5 minuto ang mga pangkat upang pag-usapan ang kanilang sagot at kung paano ito maipapakita sa pamamagitan ng role play.

Noong Nobyembre 15, 2020 nilagdaan ang Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) Free Trade Agreement (FTA) habang dinaraos ang 2020 ASEAN Summit. Nilalaman ng kasunduang ito ang malayang kalakalan sa pagitan ng mga bansang kasapi ng ASEAN at ng 5 FTA partners nito(Australia, China, Japan, New Zealand, and South Korea). Sa ilalim ng RCEP, gradwal na pababababain hanggang sa alisin na ang taripa o buwis sa halos 90% ng mga produkto at ang gradwal nap ag-aalis ng taripa sa mga produktong ito sa susunod na 10-15 taon.

Sa pangrehiyong perspektibo, nangangahulugan ito na


(ASEAN Secretariat. 2020. "Summary of the Regional Comprehensive Economic Partnership (RCEP) Agreement"). https://asean.org/storage/2020/11/Summary-of-the-RCEP-Agreement.pdf

Pangkat 1: Ano ang mabuting maidudulot ng pagsali ng RCEP sa Pilipinas?

Pangkat 2: Ano ang di-mabuting maaring maidulot ng RCEP sa ekonomiya ng Pilipinas?

Pangkat 3: Ano-anong mga lokal na produkto kaya ang maaring mailuwas o export ng Pilipinas sa ibang mga bansang kasama sa RCEP?

Pangkat 4: Paano mapalalakas ang mga lokal na produkto ng Pilipinas upang kumita ang bansa sa pagluluwas nito sa pamamagitan ng pagsali

| | | |
|---|---|---|
| | sa RCEP?<br><br>Pangkat 5: Ano'ng patakaran ang maaring ipatupad upang maprotektahan ang mga lokal na produkto ng bansa sakaling dumagsa ang mga kaparehong produktong galling ibang bansa tulad ng mga prutas at gulay? | |
| **D. Paglalahat** | **Pabaong Pagkatuto**<br><br>Bilang paglalahat, ano ang naging gampanin ng Pilipinas sa pagkakatatag ng ASEAN, 2 paano nakatulong sa Pilipinas ang pagiging kasapi nito ng ASEAN at 3 ano ang maitutulong ng ASEAN sa Pilipinas . Ilagay ang sagot sa loob ng bawat kahon.<br><br><br><br><br>**1. Pagninilay sa Pagkatuto**<br><br>Paano kaya makakatulong ang ASEAN sa paglutas ng kasalukuyang usapin sa West Philippine Sea sa pagitan ng Tsina at Pilipinas? | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | Ang bahaging ito ay susukatin at tatasahin ang pagkatuto ng mag- aaral sa aralin.<br><br>**Ikaapat na araw**<br><br>**Pagsusulit**<br>Tama o Mali: Isulat ang salitang tama sa patlang kung ang pahayag ay wasto | |

| | | |
|---|---|---|
| | at mali kung hindi ito wasto.<br><br>________1. Itinatag ang Southeast Asia Treaty Organization upang masugpo ang paglaganap ng komunismo sa Timog Silangang Asya.<br>________2. Sa pagkakatatag ng ASEAN, nagkaroon ng pagkakataon ang Pilipinas na ipakitang nakasandig pa rin ito sa Amerika sa mga pulitikal na patakaran nito.<br>________3. Kasama sa regional economic integration ang malayang palitan ng kalakal sa mga bansang kasapi sa ASEAN.<br>________4. Higit na makikinabang sa malayang kalakalan ang mga bansang maraming produktong maaring i-export.<br>________5. Tumatalima ang mga patakarang panlabas at pangkalakalan ng Pilipinas sa mga layon o goals ng ASEAN.<br><br>**Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyunal)**<br><br>Panuto: Panoorin ang balita tungkol sa posisyon ng ilang bansa sa ASEAN sa isyu ng West Philippine Sea. Ipahayag kung ano ito at kung ano ang opinyon mo dito. https://www.youtube.com/watch?v=yeGV8H4_eCA | |

| Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin | |
|---|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | | |
| ***Kagamitan*** | | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| ***At iba pa*** | | | |
| ***C. Pagninilay*** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ *<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>*<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ *<u>Mag-aaral</u>*<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ *<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>*<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | |